# REDEMPSIYON

*I'M SORRY.*

Ito ang text sa akin ni M. Usapan namin, kung pasado ako, magte-*text* siya na ang laman ay *Atty*. Kapag hindi ako pumasa, *sorry*.

At *I'm sorry* nga ang natanggap kong *text*.

Hindi ko makalimutan ang sandaling iyon. Hindi ako napaiyak. Hindi ako napasalampak, dahil nakaupo naman ako sa harap ng *computer*. Parang hinipan ako ng masamang hangin: gumapang ang lamig sa mga ugat ng aking katawan at naglandas pabalik sa aking dibdib, para mamuo bilang isang napakabigat na yelo.

Ka-*chat* ko noon si H. Pareho kaming nakatutok sa *website* ng Supreme Court para sa paglabas ng resulta ng *bar exam*, nang pumasok ang impormasyon mula sa paunang kopya ng opisina ng isang *Justice*. *I did not make it* ☹, mensahe ko sa kanya.

Sinasabing pinakamahirap na propesyonal na pagsusulit sa Pilipinas ang *bar examinations*. Taun-taon, libu-libong nagsipagtapos ng abogasya ang bumubuno nito sa loob ng apat na magkakasunod na Linggo. Bukod sa pagiging nag-iisang eksaminasyong pampropesyonal na hindi pinangangasiwaan ng Professional Regulation Commission (ang Supreme Court o Korte Suprema ang nagpapatakbo nito), may distinksyon ito bilang pagsusulit na may pinakamababang *passing rate*. Mula 2007 hanggang 2011, 24.05% lamang ng mga kumukuha nito ang pumasa, kumpara sa

64.34% na passing rate ng Physician's Licensure Examinations ng mga doktor. Ibig sabihin, sa apat na kukuha ng *bar exam*, halos isa lang ang makakapasa at magiging abogado. Ang tatlo, lagapak ang bagsak. Dahil rito, naging prestihiyoso ang paglabas ng resulta nito na may garantisadong atensyon ng *media*, mapa-telebisyon man, radyo, o diaryo.

Dahil sa hirap ng pagsusulit at sa baba ng porsiyento ng pumapasa, ibayong paghahanda ang ginagawa ng mga sasabak rito. Karamihan ay nagpapalista sa *review centers* at nakikinig ng *lectures* nang halos araw-araw sa loob ng limang buwan. May nagpapangkat naman at nag-aaral sa mga aklatan, o kaya'y sa mga kapihang inookupahan para gawing pansariling *library*. Ang ilan naman, pinipiling maglungga sa isang lugar na malayo sa distraksyon. Iilan ang naglalagi sa kanilang sariling bahay. Iba-iba man ang lugar na pinaglalagian, magkakatulad ang lahat ng sasabak sa *bar exam* sa pagbubuhos ng pinakamalupit na pag-aaral na nagawa nila sa buong buhay nila.

Sa *review centers*, inirerekomendang magbasa ng hindi bababa sa walong oras sa isang araw ang isang *reviewee*, at hindi kasama sa panahong iyon ang pahinga at pantanggal-suyang *breaks.* Ayon sa isang propesor, kasalanan para sa isang *reviewee* ang matulog ng walong oras sa gabi, dahil pagsasayang iyon ng panahong dapat sana'y ipagbabasa. Mayroon ding nagmungkahi ng labing-anim na oras ng pagbabasa simula tatlong buwan bago ang pagsusulit. Ang payo ng karamihan, sapat na ang walong oras ng solidong pag-aaral sa simula ng *review*, pero dalawang buwan bago ang *bar*, hindi na

puwedeng bumaba sa sampung oras ang pag-aaral. Pagdating ng *preweek,* o iyong linggo bago ang aktuwal na Linggo ng *bar exam*, kailangang sanay na ang katawan sa hindi bababa sa labingdalawang oras ng pag-aaral. Pinagbabayaran sa oras at pagod ang apat na letrang ikinakabit sa simula ng pangalan ng isang abogado.

Hindi lang bilangan ng oras ang labanan sa paghahanda para sa *bar*. Kailangan ng matinding disiplina at konsentrasyon para masunod ang *bar calendar* na inihahanda ng bawat isang *reviewee.* Sa simula ng pag-aaral, bibilangin ang lahat ng araw sa pagitan ng simula ng *review* hanggang sa *preweek.* Ililista kung ilan ang araw ng pahinga at ang mga espesyal na okasyong kailangang daluhan gaya ng kasal, kaarawan ng kasintahan o ng magulang para makuha ang total ng *rest days.* Ibabawas ang *rest days* sa bilang ng araw sa loob ng *review,* para makuha ang bilang ng araw na paghahati-hatiin sa walong *bar subjects.* Nakabatay ang alokasyon ng mga araw sa hirap at haba ng *subject*, at sa kung ilang pagbasa ang puntiryang matapos. May mga taong kampante na sa isang dibdibang pagbabasa, samantalang mayroong nakakaabot ng limang ulit na pagbabasa ng para sa isang *bar subject.*

Higit sa pisikal na hirap, sikolohikal at emosyonal ang dusa ng paghahanda para sa *bar.* Kailangang matutunan ng isang *reviewee* ang magsakripisyo sa pamamagitan ng paglayo sa mga kaibigan o kapamilya na maaaring makagambala sa pag-aaral. Habang lumalaon ang *review,* mapapansin ang pagbabago ng ugali ng maraming tao. Marami ang sumusungit at nagiging maiinitin ang ulo. Marami ang nakararanas ng depresyon,

na sa ilang pagkakataon ay nauwi sa pagpapatiwakal. Bali-balita nga, sa paghahanda para sa *bar* exam naging "Brenda" (*brain damaged)* ang isang senadora dahil sa isang *nervous breakdown.*

Nagbuntis ako sa ikalawang anak ko noong huling taon ko sa *law school* at kinailangang mag-*bed rest* nang ilang ulit dahil sa ilang pagkakataong dinugo ako o kaya'y humihilab ang tiyan nang malayo pa sa petsa ng kapapanganakan. Dahil raw sa *stress*, sabi ng aking doktora, kaya pinayuhan akong magpahinga para sa kapakanan ng ipinagbubuntis ko. Pagkatapos kong magmartsa, nagpahinga ako ng ilang linggo para maiwasang manganak nang wala sa oras.

Nanganak ako sa kasagsagan ng *bar review*. Habang nagbubuklat ng mga aklat ang mga kaklase ko, naroon ako't umiiri sa isang maternity hospital sa probinsya. Habang nagsusunog sila ng kilay sa pag-usal ng mga batas, naroon ako't nagpapasuso ng aking sanggol. Ayaw kong sumbatan ako ng anak ko paglaki niya na hindi ko siya binigyan ng pinakamahusay na nutrisyon dahil lang sa aking ambisyon, kaya tiniyaga ko ang eksklusibong pagpapasuso kahit pa kumakain iyon ng kalahating oras kada dalawa o tatlong oras. Noong una, lumalabas pa ako ng kuwarto para mag-aral ng dalawang oras bago bumalik para magpasuso. Nang malaunan, sa kuwarto na lang ako dahil nasasayang lang din ang oras kakalabas-masok. Sa pagitan ng pag-aalaga sa bunso at pag-aasikaso sa panganay kong nagseselos, nagbubuklat ako ng aking libro para lang may masabing may nagawa ako sa araw na iyon para sa aking *bar* review.

Dahil ako lang ang pinagkukuhanan ng nutrisyon ng aking sanggol, kailangan ko siyang bitbitin kahit saan ako pumunta. Suot ko si Baby S. sa isang *sling* nang pumunta ako sa aking paaralan para mag-ayos ng rekisitos para sa *bar exam*. Nang magpapirma ako ng isang sertipikasyon sa isang propesor, tinanong niya ako kung sigurado ba akong tutuloy ako. Sabi niya, wala namang masama kung ipagpapaliban ko muna ang pagkuha ng *bar exam* dahil mahirap tumutok sa pag-aaral nang may iniintinding sanggol. Hindi ko raw maibibigay ang aking siyento porsyento.

Kung nagpasya ako ng ayon sa katuwiran, ang payo ng aking propesor ang pinakinggan ko. Kalagitnaan na ng Hunyo noon, at higit kalahati na ng panahon na dapat nakalaan sa review ang nakalipas. Iisa sa walong *subjects* pa lang ang natapos ko. Napako ako sa nakamamatay sa pagkabagot na aklat para sa Civil Law. Nang maoperahan ang tuhod ng nanay ko at kailangang magbantay ako, isa pang linggo ang nawala sa tipid na tipid na *budget* ng mga araw ng pag-aaral.

Tumuloy akong mag-*bar* dahil ayaw kong mabunton sa bunsong anak ko ang sisi kung bakit hindi ako nakakuha ng pagsusulit gaya ng nakaplano. Ayaw ko siyang hawakan sa madaling araw na iniisip na kung hindi dahil sa kanya, abogado na sana ako. Anim na taon kaming nanalanging mag-asawa bago kami binigyan ng kasunod ng panganay namin. Biyaya ang aking bunso, at hindi ako makapapayag na siya ang maging tampulan ng panghihinayang.

Natakot rin akong tumigil ng isang taon. Matanda na ako; pangalawang karera ko na ang pag-aabogado. Apat na taon na akong nagtuturo sa kolehiyo at nakapag-masteral na nang magpasya akong iwan ang akademya para magpamilya. Nagtangka akong mag-negosyo, pero hindi mala-Haring Midas ang kamay ko. Hindi naging ginto ang mga hinawakan kong negosyo dahil napaglololoko ako ng mga taong makakapal ang apog na hindi nagsipagbayad ng utang nila sa akin. Udyok ng magulang ko, *bakit hindi ka na lang mag-abogado?* Apat na taon kong binuno ang abogasya sa isang premyadong unibersidad, sa pag-asang ito ang puhunan ko sa kinabukasan ng aking anak. Kung hindi ako kukuha ng *bar exam* noong taong iyon, madadagdagan pa ng isang taon ang paghihintay ko.

Pinanghawakan ko noon ang salita ng aking ama: *Kumuha ka lang ng bar. Kung makapasa, maganda! Kung hindi, hindi ka naman mamamatay. Sugalan mo na! Puwede ka namang kumuha ulit sa susunod na taon kapag hindi ka sinuwerte.*

Sinusugan naman ito ng mga taong nagpalakas ng loob ko. Kaibigan A: *Kayang-kaya mong ipasa iyan! Mas mahirap pa ang LAE kesa sa bar exam.* Kaibigan B: *Mas mahirap pa ang finals ni Prof. X at Prof. Y kesa riyan!* Kaibigan C: *Kung nagawa mo ngang matapos ang abogasya sa loob ng apat na taon nang hindi bumabagsak sa kahit anong subject, iyan pa ba naman ang hindi mo kayanin?* Kaibigan D: *Kung si Mayor X nga na hindi naman matalino, nakapasa ng bar, ikaw pa ba ang hindi?* Kaibigan E: *Siguradong papasa ka niyan, kung*

*nakakapasa nga ang mga nag-aral sa Tralala Law School, ikaw pa ba naman ang hindi e graduate ka ng UP Law?*

Hirap na hirap akong mag-aral habang nag-aalaga ng aking sanggol. Pagkatapos magpasuso ng halos kalahating oras, hindi ko maiwanan basta-basta ang nakakagigil na si Baby S. Ang balak na kalahating oras lang, nagiging isang oras dahil sa pag-amoy ko sa mabango niyang bumbunan, at sa paghalik sa gilit ng siksik sa tabang hita. Magiging dalawa o higit pang oras ito kapag naakit akong matulog habang binabantayan ang aking prinsesita. Sa huli, masuwerte na ang makatapos ako ng dalawampung pahina kada araw kapag nasa kuwarto. Produktibo na kung makaabot ako ng apat na oras ng tutok na pag-aaral, kabilang na ang pagbabasa sa madaling araw. Kadalasan, basang-komiks o basang-*pocketbook* lang ang nibel ng pag-aaral ko dahil sa dami ng distraksyon. Inabot lang ako ng walong oras kada araw noong mismong *preweek* na.

Para makapag-aral ako ng diretso ng dalawang oras, kailangan kong mag-gota ng gatas para kay Baby S. Sa iilang araw na iniwan ko siya para dumalo ng ilang *lecture,* kinailangan kong mag-*pump* ng isang 4ml na bote ng *breast milk* kada dalawang oras na wala ako. Sa *review center* na pinuntahan ko, nakisuyo akong makilagay sa *freezer* ng aking *expressed breast milk* para makumpleto ang *supply* ng gatas ng anak ko. Nadagdagan lalo ang hirap ko nang mag-agaw-buhay ang *premature* na sanggol ng pinsan ko, nadagdagan ang nirarasyunan ko ng gatas. Para makapuno ng isang maliit

na bote, kailangan ko ng dalawampung minuto kung *dual electric breastpump* ang ginagamit ko. Kung *manual,* kailangan ko ng tatlumpung minuto.

*Kulang ang oras ng aral mo,* sabi ni A., isang kaklase. *Best effort na ito,* sabi ko sa kanya. Wala akong magagawa. Ito na ang sitwasyon ko.

Kung ano ang ikinakapos ko sa oras, binawi ko sa pagdarasal. Sabi-sabi nga, napakaraming nagiging relihiyoso dahil sa *bar exam.* Nakarating ako sa Birhen ng Manaoag sa Pangasinan, sa Pink Sisters sa Tagaytay, at sa Divine Mercy Shrine sa Marilao. Walang linggong lumipas na wala akong binisitang simbahan o dasalan. Sa suhestiyon ng isang tiyuhin, dumayo ako at napadalas sa Padre Pio Shrine sa Libis. Doon daw niya ipinagdasal ang pinsan ko para pumasa sa *medical boards*, at nakapasa naman nga. Pagpunta namin doon, naka-kuwadro ang mga testimonya ng mga himala ni Padre Pio. Naroon ang patotoo ng bulag na nakakita, ng gumaling sa kanser, ng naibalik ang na-karnap na sasakyan, ng mga nagkaanak matapos ng napakaraming taon, at iba pang himala ng dahil sa intersesyon ng paring santo. Sabi ko kay Padre Pio, kung nagagawa niyang makakita ang bulag at gumaling ang mga may pambihirang karamdaman, hindi naman siguro ganoon kahirap o ka-imposible ang hinihiling kong pumasa ng *bar* sa unang pagtatangka.

Ilang araw bago ang unang Linggo ng *bar exam,* minalas akong magkasakit. Akala ng doktor noong una, dengue. Mabuti naman at trangkaso lang. Pero sa tanda ko nang tao, iyon ang pinakamasamang dapo ng trangkaso. Nangiki ako sa lamig, nanakit

ang buong katawan ko, at parang nagbabaga ang init ng mga mata ko. Pinayuhan ako ng doktor na magpa-*confine* sa ospital, pero tumutol ako. Apat na araw na lang at unang Linggo na ng *bar exam*. Noon pa ba ako susuko?

Pag-uwi sa bahay, nagpilit akong bumangon para magbasa. Pinulot ako sa sahig dahil natumba ako sa panghihina. Sabi ko noon, *Panginoon, bigyan mo naman ako ng sign. Kung gumaling ako bago mag-Biyernes, kukuha ako ng bar. Kung hindi, senyales iyon na huwag akong tumuloy.*

Pagdating ng Biyernes, nilalagnat pa rin ako. Kina-Sabaduhan, nagligpit ako ng gamit at nagpahatid sa hotel sa Maynila. Tutuloy pa rin ako. Laban kung laban.

Noong gabi bago ang unang *Bar Sunday,* tinanong ako ni R., isang kaibigang abogado, kung handa ba ako. Sabi ko, hindi. *Hindi naman ako mamamatay kung hindi ako pumasa. Hindi ka nga mamamatay, pero para ka na ring namatay,* sabi niya. *Iba ang bigat; iba ang bagsak.*

At tama siya. Lagum-lagom na ang lungkot, ang hiya, ang galit, na sa huli ay naging panghihina na lang. Kung maaari lang bumuka ang lupa noong sandaling iyon, kusa akong tatalon para takasan ang aking kalagayan.

Pero hindi bumubuka ang lupa para sa mga hindi pumasa ng *bar*. *Hindi tayo ganoon ka-espesyal, mga katoto*. Ang totoo, walang pakialam ang napakaraming tao sa nararamdaman ng mga bumagsak dahil wala silang pakialam sa mga abogado o

nagnanais maging abogado. Para sa maraming tao, pampagulo lang ang mga abogado sa mundo.

Umakyat ako sa kuwarto. Noon lang tumulo ang luha ko. Higit sa lungkot, gusto kong matunaw sa kahihiyan. Wala akong mukhang ihaharap sa mga taong umasang papasa ako. Nahiya ako para sa mga magulang ko, na nag-isip pang puwede akong makasama sa Top 10. Nahiya ako para sa asawa ko, na bilib na bilib sa aking makalulusot ako. Nahiya ako para sa panganay ko, na naipamalita na sa mga kaklaseng magiging *attorney* na ang kanyang mommy. Higit sa lahat, nahiya ako sa sarili ko, sa kapal ng mukha kong umasang papasa ako gayong hindi naman ako nakapag-aral nang maayos.

Tiningnan ko sa *internet* ang pangalan ng mga pumasa. Isa-isa, hinanap ko ang pangalan ng mga kaklase at kaibigan. Sa bawat mensaheng pumapasok sa telepono ko na naglalaman ng kapwa ko hindi pumasa, lumulubag kahit paano ang loob ko. At dahil nag-aampalaya ako sa pagka-*bitter* sa pagbagsak ko, hindi ko magawang maging masaya para sa ilang taong pumasa pero sa pagtasa ko ay hindi naman magaling o hindi karapat-dapat. Sa isip ko, kung hindi naman pala ako mapapasama sa 20.26% na pumasa, sana hindi na lang itinaas ng Supreme Court ang *passing rate* mula sa orihinal na 11%. *Misery loves company*, ika nga ng kasabihan.

Noong panahong iyon, ang asawa ko lang ang gusto kong makasama. Wala akong gustong makitang kaibigan o kaklase, at napapaiyak lang ako kapag kausap ko

ang mga magulang ko. Nilibang niya ako sa pamamasyal, sa panonood ng sine, sa pagkain sa mga restawrang gusto ko. Pakiramdam ko, kahit saan ako pumunta, may naka-*tattoo* sa noo kong BAR FLUNKER. *Bar exam lang 'yan. Huwag mo masyadong dibdibin,* sabi niya. *Hindi iyan sukatan ng galing o talino mo.* Nang magawi kami sa Starbucks na dati kong pinag-aaralan, binati ako ng barista. *Ma'am, lumabas na raw ang resulta ng bar exam? Kumusta?* Sabi ko na lang, hindi ko natapos ang *bar* dahil nagkasakit ako. Hindi ko kayang ipahiya ang sarili ko sa isang taong hindi ko naman kaano-ano.

Nang mahimasmasan ako, isang ideya ang pumasok sa isip ko: *bar flunker* lang ako hanggang hindi pa ako pumapasa. Kapag nakapasa na ako, mawawala na ang stigma. Hindi pati ako ang nag-iisang hindi pumasa ng *bar.* Si Pangulong John F. Kennedy, Jr. ng Estados Unidos, tatlong beses kumuha ng *bar exam* bago naging abogado. *Flunker* rin si Hillary Clinton sa Washington Bar Exams. Sa Pilipinas, bumagsak muna sa *bar* si Claro M. Recto bago siya naging abogado milagroso. Nabigo muna si Francisco Noel Fernandez noong 1993, bago maging *topnotcher* noong 1994. May isa ngang senador na nagbabandera ng pagiging numero uno sa *bar*, ang nakalimot yatang ilagay sa kanyang propaganda na bagsak siya noong una niyang pagtatangka.

Nang magpasya akong kumuhang muli ng *bar*, binago ko ang ayos ng isang kuwarto sa bahay. Pinatanggal ko ang kama para walang tutukso sa aking matulog. Bumili ako ng magandang *reading lamp.* Ini-*spray paint* ko ng rosas ang isang malaki at

bilog na mesa para maging aking aralan. Ang paa ng kinakalawang na *office chair* sa bodega, pinakulayan ko ng matingkad na asul para magmukhang masaya. Pagpunta ko sa *mall,* bumili ako ng *stock* ng bagong *sign pen, highlighters,* at iba pang kagamitan sa pag-aaral. Sa isang sulok, inilagay ko ang dilaw na *single couch* para puwede akong lumipat kapag magaan lang ang binabasa ko, para lang maiba ang pagkakaupo.

Noong una akong kumuha ng *bar exam,* malinaw ang layunin ko: ang kumuha ng *bar exam.* Sa ikalawang pagkuha ko, tumaas na ang pangarap ko: gusto ko nang pumasa.

Gumawa ako ng *bar calendar,* isang bagay na hindi ko nagawa noong unang kuha ko. Naglaan ako ng isang araw isang linggo ng pahinga, at isang araw kada isang *subject* na palugit sakaling hindi ko matapos ang puntirya kong basahin. Dahil bago ang *format* ng pagsusulit, naglaan ako ng ilang araw na para sa pagsasanay lang na magsagot ng *multiple choice questions*. Dalawang araw ang para sa paghahanda at selebrasyon ng unang kaarawan ng aking bunso, at dalawa rin para sa ikapitong kaarawan ng aking panganay. Gumawa ako ng dalawang bersyon: isa para sa dalawang pagbasa, at isa para sa tatlo.

Dahil unang pagkakataon pa lang na magiging *multiple choice* ang 60% ng bar, at 40% naman ang Trial Memorandum at Legal Opinion, hindi ko sinunod ang mga payo ng mga dating nag-*bar*. Napaso na ako sa pagiging gaya-gaya sa binabasa ng iba. Itinapon ko ang maraming materyales para maging piling-pili ang aking babasahin.

Nanalig akong tapat ang Supreme Court sa garantiyang walang lalabas na tanong na wala sa detalyadong *bar coverage* na inilabas nila. Inaral ko ang pinakamaigsing bersyon ng *reviewer* na sumunod sa balangkas na iyon, kahit pa sinasabi ng mga kaklase kong napaka-delikado ng ginagawa ko. Batas lang o *codal provisions* at ang manipis na *reviewer* ang binasa ko, laban sa pagkakakapal na aklat na pinasadahan ko noong unang kuha. Dahil kakaunti lang ang *target* kong basahin, mas nanamnam ko ang aking materyales, at nagawang tapusin ang mga ito ng tatlong beses.

Habang nakakulong sa kuwarto, dambana ang mesang aking aralan. Nakapatong sa isang kahoy na *bookstand* na karaniwang ginagamit para sa Bibliya ang aking *reviewer.* Bawal akong gambalain kapag nasa loob ako. Pinupulis ng mga yaya ang mga bata lalo ang makulit na panganay para huwag pumanhik sa taas, at nakikita ko lang sila kapag bumaba na ako para kumain o magpahinga.

Araw-araw, gumigising ako ng alas-otso ng umaga para mag-almusal. Nilalaro ko ang aking bunso habang gumagayak ang panganay ko para pumasok sa paaralan. Bago mag-alas-diyes ng umaga, nasa kuwarto na ako para mag-aral. Titigil ako ng alas-dose para mananghalian. Pagdating ng alas-dos, nakakulong na ako ulit para mag-usal, hanggang umuwi ang anak ko ng alas-singko ng hapon. Pagkatapos manood ng ilang palabas at maghapunan, nasa kuwarto na ulit ako ng alas-otso hanggang alas- dose. Kapag may lakad sa araw, iniiba ko ang oras ng aral at ginagawang alas-otso ng gabi hanggang alas-kuwatro ng umaga. Pagdating ng *preweek,* nagtala ako ng labing

dalawang oras ng pag-aaral kada araw. Hindi ako natulog ng higit sa apat na oras dahil sa pagbabasa sa gabi bago ang mismong pagsusulit.

Hindi iilang ulit na dinalaw ako ng lumbay habang nasa kuwarto. Madalas kong maisip ang markang nakuha ko sa unang *bar*: kinapos ako ng 0.5 para pumasa. Ni hindi inabot ng isang buong puntos. Lagi kong naiisip ang mga sagot na tamang binura pa, ang mga maling sagot na hindi na pinag-abalahang itama para hindi maburara ang papel, ang kakulitan sa pagsusulat ng *Continued on the next page* na may *arrow,* na hindi ko naisip na maaaring ituring na *marking* ng nagwawasto. Naiisip ko na sayang, hindi ko sana ginagawa ang pag-aaral muling ito, kung naglaan ako ng higit na oras sa pagre-*review* noong una pa lang. Kung tinotoo ko ang pag-aaral, sana'y hindi ko kailangang magbitiw sa aking magandang trabaho na sinusuwelduhan ako nang buo para sa dalawa o tatlong araw ng trabaho sa loob ng isang linggo. Sana, kala-kalaro ko ang mga anak ko sa halip na nagkukulong ako sa kuwarto. Pinanghinayangan ko ang mga oras na ginugol ko panonood kay Jack Bauer ng 24 at ng kung ano-anong pelikulang hindi ko nahintay panoorin. Ang hindi ko lang pinagsisihan, ang pagtatangka kong kumuha ng *bar exam* kahit pa kulang ako sa preparasyon.

Habang pinagdurusahan ko ang paghahanda para sa *bar exam*, madalas akong magpasalamat na sa kabila ng kabiguan ko, hindi ako nilisan ng aking pananampalataya. Pero hindi na ako nag-*pilgrimage* sa kung saan-saan. Sinamahan ako

ng nanay kong kumpletuhin ang nobena sa Divine Mercy. Sumimba at nagdasal ako dahil nananalig ako, hindi lang dahil mayroon akong kailangan.

Noong mismong Nobyembre na, tiniyak kong pula ang damit ko sa apat na Linggo ng *bar exams.* Nakakasa na ang aking Brand's Essence of Chicken, ang inuming lasang ipot ng manok (kaya mapapaisip ka kung ang esensya ba ng manok ay ang kanyang tae) pero epektibo sa paglaban sa *mental stress.* Pati ang Brainwave Entrainment, isang modernong programa na mala-hipnotismo, pinatulan ko para utusan ang utak kong magpahinga o maging aktibo kung kailangan. Pumasok ako sa *gate* ng UST na may kumpiyansa sa sarili hindi dahil umaasa ako sa suwerte, kundi dahil alam kong kakasihan ako ng suwerte dahil handa ako.

Naaalala ko ang araw ng paglabas ng resulta noong nakaraang taon, na parang larawan na may kulay at may mga tao sa kuwadro. Naaalala ko ang mga pangyayari, na parang isang pelikulang may mga linya. Pero walang damdamin, wala nang emosyon.

Noong araw na lumabas ang resulta ngayong taon, pumasok ako sa opisina para makasama ko si J., ang kaibigan kong kasabay kong bumagsak at kumuha muli ng *bar* sa ikalawang pagkakataon. Sinamahan niya ako sa Church of the Gesu sa Ateneo para magdasal. Ipinalangin ko sa Panginoon na bigyan niya ako ng grasyang tanggapin kung anuman ang kalooban Niya. Dinasal ko ang Serenity Prayer ni Reinhold Niebuhr:

*God grant me the serenity*
*to accept the things I cannot change;*
*courage to change the things I can;*
*and wisdom to know the difference.*

*Living one day at a time;*
*Enjoying one moment at a time;*
*Accepting hardships as the pathway to peace;*
*Taking, as He did, this sinful world*
*as it is, not as I would have it;*
*Trusting that He will make all things right*
*if I surrender to His Will;*
*That I may be reasonably happy in this life*
*and supremely happy with Him*
*Forever in the next.*
*Amen.*

Nagpasya kaming mananghalian nang masarap sa Trinoma Mall. Iyon na yata ang pinakatensyonadong tanghalian ko. Para kaming mga presong bibitayin: kumakain ng pagkaing masarap na di naman nalalasahan bago bitayin.

Dumating ang sundo ko bago pa lumabas ang resulta. Mag-isa, bumaba ako ng *escalator* palabas. Bago pa ako makatapak sa babaan, nag-*ring* ang telepono. Tumatawag si R., ang kaibigan naming nagtatrabaho sa Supreme Court.

Hindi ko alam kung ano ang eksaktong sinabi ni R. nang sagutin ko ang telepono. Nagkakarambola ang utak ko habang dumadagundong ang dibdib ko. Basta masaya ang boses niya. *Congrats, pasado ka,* o parang ganoon. *Sigurado na ba 'yan? Oo, hawak ko ang listahan at nandito ang pangalan mo*.

Naiyak na lang ako. Akala siguro ng guwardiya, namatayan ako. O nababaliw. Gusto kong umupo at doon maglupasay.

Isang daang araw bago ang *bar*, may nag-*tweet* na may *hash tag* na #100daystogo. Sabi ko, *100 days to what*? Sabi ni M., *100 days to redemption*.

At araw-araw, inisip kong iyon nga ang tinatahak ko: ang daan patungong redempsiyon.

Naramdaman kong mula sa kinalalagyan ko, bumuka ang mundo paitaas hanggang masakop ang kalawakan ng langit. Napaupo ako at napahagulgol. *Abogado na ako!*

Dumating na ang redempsyon. Nang mga sandaling iyon, damang-dama ko, binalot ako ng ga-planetang lugod ng uniberso.